

# Panukala sa Paglikha ng Bayan: Fukuchiyama

[Buod na bersyon]

FUKUCHIYAMA KYOTO



# Pagbati



Dagdag sa pagbaba ng populasyon, pagbagsak ng birthrate at pagtanda ng populasyon sa buong bansa, dahil sa paglaganap sa buong mundo ng COVID-19, malaki ang ipinagbago ng ating pamumuhay tulad ng estilo ng pamumuhay, pagpapahalaga at iba pa ng lahat ng mga mamamayan.

Habang ipinapalagay na magkakaroon pa ng iba't ibang pagbabago at panganib sa hinaharap, tinatayang sa taong 2040 na mga 20 taon mula ngayon, aabot sa sukdulan ang populasyon ng matatandang 65 taong gulang pataas, at higit na mas malaki pa ang ipagbabago ng kalagayan ng lipunan at ekonomiya kaysa ngayon. Sa lungsod na ito, itinaya ang kondisyon ng lipunan at pamumuhay ng mga residente papalibot sa lungsod na ito sa taong 2040, pinagsama-sama ang larawan ng kinabukasan para mabuhay nang maligaya ang mga tao, sa pamamagitan ng paraan ng pamumuhay, pag-iisip, at tunay na damdamin ng henerasyong iyon, at ibinalangkas ang panukalang ito habang nagbabalik-tanaw sa mga bagay na ito upang itakda ang direksyon ng paglikha ng bayan sa hinaharap.

Sa pagbabalangkas ng panukala, binigyang-diin ang proseso ng paglahok ng mga mamamayan, at nagdaos ng impormal na pagpupulong ng mga mamamayan. Sa impormal na pagpupulong ng mga mamamayan, nakatanggap kami ng maraming opinyon mula sa mga mamamayan tungkol sa mga isyu, paraan ng paglutas ng mga isyu at iba pa, patungo sa paglikha ng bayan sa hinaharap.

Sa ganitong pag-uusap nang magkasama ng mga mamamayan at ng pamahalaan tungkol sa paglikha ng bayan, napag-isipan din ng mga mamamayan ang paglikha ng bayan bilang "bagay na nauukol sa sarili." Sa pamamagitan ng talakayan, masigasig na tinalakay pati kung ano ang tungkulin ng indibidwal at pamayanan, mula sa pamilyar na bagay hanggang sa bahaging umaabot sa buong lungsod, at natanggap namin ang "mungkahi sa mamamayan mula sa mamamayan" upang isulong ang paglikha ng bayan, bilang buod ng impormal na pagpupulong.

Itinuturing ang mungkahi mula sa impormal na pagpupulong bilang isang haligi ng panukala, batay sa pag-iisip na upang maisakatuparan ang larawan ng kinabukasan para mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan, hindi lamang ang mga pamamaraan ng pamahalaan, kundi ang kusang pagkilos ng bawat isang mamamayan, ng pamayanan, ng iba't ibang korporasyon at samahan ang tunay na mahalaga.

Mula ngayon, sa pagtataguyod ng panukala, habang ginagamit din ang mekanismo ng paglahok ng mga mamamayan, isasagawa ang inspeksyon ng progreso ng mga pamamaraan at ang pagpapabuti ng operasyon, at sa pamamagitan ng pagsulong ng inisyatiba tungo sa pagsasakatuparan ng panukalang ito na pag-iisipan kasama ng lahat ng mga mamamayan, lilikhain kasama ng mga mamamayan, at gaganapin kasama ng mga mamamayan, nais naming isakatuparan ang bayan kung saan "mabubuhay nang maligaya" ang mga mamamayan.

Marso 2022　Mayor ng Fukuchiyama　Kazuo Ohashi

# Panukala sa Paglikha ng Bayan: Fukuchiyama
## [ Buod na bersyon ]

**Nilalaman**


1. Panimula ........ 3
2. Pangmatagalang Bisyon (Larawan ng Kinabukasan sa 2040 (Reiwa 22)) ........ 4
3. Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng Lungsod
(Sistema ng mga Pamamaraan) ........ 7
4. Pangunahing Polisiya ........ 10
5. Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng mga Mamamayan
~ 21 Mungkahi tungo sa Kinabukasan ng Lungsod ng Fukuchiyama
mula sa Impormal na Pagpupulong ng mga Mamamayan ~ ........ 19
6. Sistema kung saan Gaganapin at Susuriin ang Panukala sa
Paglikha ng Bayan kasama ng mga Mamamayan ........ 20




# 1. Panimula

## [ 1 ] "Paglikha ng Bayan sa Pagtutulungan ng mga Mamamayan at ng Lungsod" sa Pangunahing Ordinansa ng Awtonomiya, at ang Pagbabalangkas ng Panukala sa Paglikha ng Bayan

Sa "Pangunahing Ordinansa ng Awtonomiya ng Lungsod ng Fukuchiyama" na pinakamataas na pamantayan sa pagtataguyod ng awtonomiya ng lungsod na ito, isinasaad sa pambungad na "Kailangang isulong ang paglikha ng bayan kung saan nagkakaisa ang mga mamamayan at ang lungsod … mahalaga ang pagtataguyod ng paglikha ng bayan ayon sa pakikipagtulungan para sa paglutas ng mga isyu nang ipinatitibay ang kaugnayan ng tiwala ng mga mamamayan at ng lungsod sa isa't isa, at tinutupad ang tungkulin at pananagutan ng bawat isa."

Nakasaad din sa Artikulo 16 ng ordinansang ito na "Dapat magbalangkas ang mayor ng pangunahing panukala sa paglikha ng bayan bilang panuntunan ng komprehensibong pagpapatakbo ng pamahalaan ng lungsod, at dapat siyang magpunyagi sa sistematikong pagpapatakbo ng pamahalaan ng lungsod na nilalahukan ng mga mamamayan," at kailangan ang pagtataguyod ng pamamaraang batay sa 4 na prinsipyo ng awtonomiya sa Pangunahing Ordinansa ng Awtonomiya na "paggalang sa karapatang pantao," "pagkakapantay-pantay ng mga kasarian," "pagbabahagi ng impormasyon" at "paglahok at pakikipagtulungan."

Bilang pagtugon dito, kasabay ng pagbibigay-diin ng "Panukala sa Paglikha ng Bayan: Fukuchiyama" (Tatawaging "Panukalang ito" mula rito.) sa proseso ng pagbabalangkas bilang planong "pag-iisipan kasama ng mga mamamayan, lilikhain kasama ng mga mamamayan, at gaganapin kasama ng mga mamamayan,"bubuuin ito sa pamamagitan ng larawan ng kinabukasang dapat hangarin tulad ng inilalahad sa sumusunod na kabuuang larawan, sistema ng mga polisiya at pamamaraan upang isakatuparan ang larawan ng kinabukasang iyon, at 21 mungkahi ng impormal na pagpupulong ng mga mamamayan.

## [ 2 ] Kabuuang Larawan ng Panukala sa Paglikha ng Bayan

①Pangmatagalang Bisyon (Larawan ng Kinabukasan sa 2040 (Reiwa 22))

○Sa taong 2040 (Reiwa 22) na mga 20 taon mula ngayon kung kailan tinatayang aabot sa sukdulan ang populasyon ng matatandang 65 taong gulang pataas, at higit na mas malaki pa ang ipagbabago ng kalagayan ng lipunan at ekonomiya kaysa ngayon, ipapalagay ang panganib na kalalagyan ng pamumuhay ng mga mamamayan, at itatalaga ang posisyon sa panukalang ito ng larawan ng kinabukasan para mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan, at ng pangunahing polisiya upang isakatuparan iyon.

②Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng Lungsod (Sistema ng mga Pamamaraan)

○Batay sa pangunahing polisiya, lilinawin ang dapat maabot na layon ng polisiya, ilalahad bilang pamamaraan ang hakbang na pagsisikapan ng lungsod upang maabot ang layon ng polisiya sa loob ng 5 taon mula ngayon (piskal na taong 2022 (Reiwa 4) - piskal na taong 2026 (Reiwa 8)), at itatalaga ang posisyon sa panukalang ito bilang sistema ng mga pamamaraan batay sa pagkilala sa mga isyu, direksyon ng pagtugon at indikasyon ng resulta.

③Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng mga Mamamayan (21 Mungkahi mula sa Impormal na Pagpupulong ng mga Mamamayan)

○Upang isakatuparan ang larawan ng kinabukasan, dahil hindi lamang ang mga pamamaraan ng pamahalaan, kundi ang kusang pagkilos ng bawat isang mamamayan, ng pamayanan, ng iba't ibang korporasyon at samahan ang tunay na mahalaga, isusulong kasama ng mga mamamayan ang mga mungkahi sa paglikha ng bayan na pagsisikapan ng mga mamamayan na napagkasunduan sa impormal na pagpupulong ng mga mamamayan.




1

Panimula

# 2. Pangmatagalang Bisyon
## (Larawan ng Kinabukasan sa 2040 (Reiwa 22))



### [ 1 ] Pag-isipan ang paglikha ng bayan sa kinabukasan sa pamamagitan ng buhay ng mga mamamayang marahil aktwal na namumuhay sa taong 2040 (Reiwa 22)

**~ Sa pamamagitan ng "larawan ng 4 na tauhan" batay sa mga pagbabago sa kalagayan ng lipunan ~**

Upang mapag-isipan kung paano dapat maging at kung paano isulong ang "paglikha ng bayan" ng lungsod na ito, una, ipinalagay nang kongkreto ang "larawan ng 4 na tauhan" na marahil aktwal na namumuhay sa lungsod na ito sa taong 2040 (Reiwa 22) batay sa mga pagbabago sa kalagayan ng lipunan at sa resulta ng talatanungan sa mga mamamayang isinagawa sa piskal na taong 2019 (Reiwa 1).

### [ 2 ] "Larawan ng 4 na tauhan" na mamumuhay sa Lungsod ng Fukuchiyama sa taong 2040 (Reiwa 22)



**G. Norio Narai (pansamantalang pangalan) Nakatira sa Minami-ariji, 90 taong gulang, walang hanapbuhay**

Mahirap na ang pamumuhay sa pensyon lamang, para sa pagpapanatili ng bahay at bukid, pagpapagamot, nursing care, at iba pa. Sa ngayon mabuti ang resulta ng health check-up ko, pero nag-aalala ako kung ano ang mangyayari sa asawa ko kung sakaling may mangyari sa akin. Kahit na iniisip kong ayaw kong abalahin ang aming anak na lalaki, at ayaw kong iparanas sa kanya ang parehong paghihirap na pinagdaanan ko, araw-araw lalong lumalakas ang damdamin na gusto kong umasa sa kanya.

**G. Daiki Hori (pansamantalang pangalan) Nakatira sa Yakuno-cho, 55 taong gulang, empleyado sa kumpanya**

Natumba at nabalian ng buto sa binti ang ama ko, at kailangan niya ng nursing care kahit pagkatapos ma-discharge sa ospital. Dahil mayroon nang sagabal sa araw-araw na pamumuhay ng ina ko dahil sa paghina ng kanyang mga paa, bumalik ako sa Yakuno-cho kung nasaan ang bahay ng mga magulang ko, pero pinili ng asawa kong magbukod kami ng tirahan. Mula noon, nakikipagbuno ako sa pagtatangkang balansehin ang pagtatrabaho at nursing care. Nababanggit lang sa pag-uusap namin ng asawa ko ang tungkol sa dalawa naming anak na lalaking nakatira sa labas ng lungsod. Gusto kong gawan ng paraan ang kalagayan ng pamilya kong nagkahiwa-hiwalay kahit na itinuring ko pa naman silang pinakamahalaga sa lahat.





**Gng. Aoi Kinugawa (pansamantalang pangalan) Nakatira sa Wakuichi, 35 taong gulang, school nurse**

Magkakasama kaming 6 na namumuhay, ang asawa ko, 4 na taong gulang na panganay na anak naming babae, kapapanganak pa lang na pangalawang anak naming babae, at mga biyenan ko. Ika-14 na taon na mula noong naging school nurse ako, at sa kasalukuyan, naglilingkod ako sa gawain ng pagsuporta sa free school habang nasa maternity leave. Pero na-diagnose na may developmental disorder ang panganay naming anak na babae, at regular siyang nagpapatingin sa ospital sa loob ng Lungsod ng Kyoto. Balak ko sanang bumalik sa lugar na pinagtatrabahuhan ko mula sa bagong piskal na taon, pero makaka-ugnay ba ako sa anak namin tulad noong panahon ng maternity leave at childcare leave? Makakaya ko kayang asikasuhin ang pagpapalaki ng anak, pamilya at trabaho?

**Bb. Mika Hosomi (pansamantalang pangalan) Nakatira sa Hosomi, 25 taong gulang, nagtatrabaho sa pabrika**

Dahil nag-aral ako sa ibang bansa, at nakikihalubilo sa mga kaibigan kong taga-ibang bansa na mahilig sa kulturang Hapones, inasam ko ang trabaho ng pagsuporta sa galak na nararamdaman sa ibang bansa, pero nabigo ang pangarap ko at bumalik ako sa Lungsod ng Fukuchiyama, at nagtatrabaho ako ngayon bilang contractual employee sa lokal na kumpanya. Sa kurso para sa tour guide na nirekomenda ng ina ko, nakita ko ang kariktan ng kalikasan at kultura ng aking sariling-bayan, at natanto kong naging mapagmatuwid ako sa aking sarili sa pag-iisip na lubos akong nagsisikap noong mga panahong iyon, at naisip kong humakbang muli tungo sa aking pangarap.



* Mga tauhang kathang-isip lamang na marahil namumuhay sa Lungsod ng Fukuchiyama sa taong 2040 (Reiwa 22) ang binanggit ditong "larawan ng 4 na tauhan." Sa pagtatalaga ng mga tauhang ito, inilarawan nang kongkreto hangga't maaari ang tauhang marahil aktwal na nabubuhay mula sa iba't ibang datos, interview atbp. Ngunit sa kaso ni Bb. Aoi Kinugawa (pansamantalang pangalan) na naglilingkod sa gawain ng pagsuporta sa free school habang nasa maternity leave, pagpapalagay itong hindi pinahihintulutan sa kasalukuyang sistema. Hinihiling ang inyong pag-unawa na ginawa ang pagtatalaga ayon sa palagay na maaaring mangyari ang ganito sa taong 2040 (Reiwa 22).

## [ 3 ] Nakitang panlipunang panganib sa pamumuhay ng mga mamamayan

Sa pamamagitan ng "larawan ng 4 na tauhan" na marahil aktwal na namumuhay sa loob ng lungsod sa taong 2040 (Reiwa 22), nakita ang mga pangkaraniwang problema, panganib sa kinabukasan at iba pang marahil haharapin ng mga taong mamumuhay sa pamayanan, na hindi limitado sa mga indibidwal na balisa at pagkayamot. Sa pamamagitan ng mga ito, kapag pinag-isipan ang lokal na pamayanan kung saan makakapamuhay nang maligaya ang bawat isang mamamayan 20 taon mula ngayon, ibinuod tulad ng sumusunod ang tungkol sa mga panganib na nakukubli sa pamumuhay ng mga mamamayan na marahil haharapin ng maraming mamamayan, o marahil magiging malubha kahit kaunti lamang ang bilang.

### ■Paano dapat ang mga lokal na aktibidad

- ○ Kakulangan sa taong magsisilbi at labis na pagtanda ng mga opisyal ng samahan ng mga residente
- ○ Araw-araw na pamumuhay na walang sariling kotse pagkatapos isauli ang lisensya
- ○ Information literacy sa lipunan kung saan magiging batayang kondisyon ang paggamit ng ICT
- ○ Pagsasara ng mababang paaralang naging sentro ng mga lokal na aktibidad

### ■Pag-aaruga ng anak

- ○ Sambahayang nagpapalaki ng anak na walang taong mapagkokonsultahan at makakahalubilo
- ○ Suporta para sa mga batang may kapansanan na may limitasyon sa lugar na pamilyar sa kanila
- ○ Mga problemang mahirap makita tulad ng pang-aabuso ng bata, pagpapabaya, hindi ninanais na pagbubuntis at iba pa
- ○ Kahirapan sa pagsiguro at pagpuno ng kakulangan sa tauhan sa child care at welfare
- ○ Tumataas na pangangailangan para sa child care at edukasyon bago ng pagpasok sa paaralan

### ■Kalusugan at dahilan para mabuhay

- ○ Pagpapabuti ng kalusugang hindi nauugnay sa pagkilos kahit kinikilalang mahalaga ang kalusugan
- ○ Nagtatrabahong henerasyon na limitado ang oras at pagkakataon para bumuo ng kaugnayang pantao sa labas ng trabaho
- ○ Kahirapan ng pagpapanatili at pagpapabuti ng pisikal, mental at panlipunang kalusugan sa gitna ng paglaganap ng iba't ibang stress

### ■Nakakaakit na estilo ng pagtatrabaho

- ○ Mga nagnenegosyo sa agrikultura, panggugubat at palaisdaan na nagpapatakbo ng operasyong mahina ang kakayahang kumita
- ○ Mga kumpanya at negosyanteng nawalan ng demand dahil sa pagbabago ng panahon at mga pangangailangan
- ○ Pagsasara ng negosyo dahil walang magmamana o hahalili sa kabila ng pagpapanatili ng maayos na operasyon

### ■Pangangalaga at paggamit ng likas na kapaligiran at lokal na yaman

- ○ Kaakit-akit na kultura, tradisyon at tanawing pinangangalagaan at pinapanatili lamang
- ○ Pagkaunti ng mga magsisilbi at deteryorasyon ng mga lokal na kaganapan
- ○ Kakulangan ng inisyatiba at base na magiging sentro ng mga kultural na aktibidad ng lungsod

### ■Pag-aaral na nababagay sa sarili

- ○ Pagkakataon ng pag-aaral at panlipunang karanasan para sa mga batang may kahirapan tulad ng hindi pagpasok sa paaralan (futōkō) at iba pa
- ○ Pag-aaral ng mga bata na naaapektuhan ng pinansyal na sitwasyon ng tahanan
- ○ Pagtugon sa pag-aaral ng banyagang wika, programming at iba pang patuloy na nagbabagong asignatura
- ○ Pagdami ng mga tungkuling kailangang gawin ng mga guro at staff at pagreretiro ng maraming beteranong guro

### ■Masiglang pamumuhay hanggang sa dulo ng buhay

- ○ Nursing care na isinasagawa ng matanda sa sambahayan ng matatanda lamang
- ○ Pamumuhay na walang dahilan para mabuhay o lugar kung saan maaaring maging aktibo pagkatapos umabot sa edad ng pagreretiro
- ○ Kahirapan sa pagsiguro at pagpuno ng kakulangan sa tauhan ng nursing care para sa patuloy na tumataas na pangangailangan para sa nursing care

### ■Pagpapaunlad ng mga lokal na industriya

- ○ Mga nagnenegosyo sa agrikultura, panggugubat at palaisdaan na nagpapatakbo ng operasyong mahina ang kakayahang kumita
- ○ Mga kumpanya at negosyanteng nawalan ng demand dahil sa pagbabago ng panahon at mga pangangailangan
- ○ Pagsasara ng negosyo dahil walang magmamana o hahalili sa kabila ng pagpapanatili ng maayos na operasyon

## [ 4 ] Hinahangad na larawan ng kinabukasan ng Lungsod ng Fukuchiyama tungo sa taong 2040 (Reiwa 22)

### Para sa bayan kung saan "mabubuhay nang maligaya" ang mga mamamayan

Ang humubog ng mundo kung saan tunay na makakaramdam ng ligaya ang mga taong naninirahan doon ang ultimong layon ng paglikha ng bayan.

Sa Pangunahing Ordinansa ng Awtonomiya ng Lungsod ng Fukuchiyama na pinakamataas na pamantayan ng paglikha ng bayan ng lungsod na ito, ipinapahayag sa pambungad na "ipagmalaki ang sariling-bayan na Lungsod ng Fukuchiyama at 'mabuhay nang maligaya'" ang mga mamamayan.

Sa impormal na pagpupulong ng mga mamamayan, ibinahagi rin ang pangangailangan para sa paglikha ng bayan kung saan makakapamuhay nang maligaya ang bawat isang mamamayan sa Lungsod ng Fukuchiyama sa taong 2040 (Reiwa 22), at ihinain ang pag-iisip tulad ng "tama lang na distansya sa ibang tao," "pagturing na nauukol sa sarili," "paggalang sa pagkakaiba-iba," "suporta sa motibasyon" at iba pa, bilang pangkalahatang direksyon.

Kung gayon, paano dapat itakda ang kahulugan ng 'kaligayahan' ng bayan "kung saan makakapamuhay nang maligaya ang bawat isang mamamayan"? Kahit may kanya-kanyang damdamin ng ligaya ang bawat isang mamamayan, ano talaga ang "kaligayahan" na dapat maibahagi at pakidalamhatian sa kabuuan ng pamumuhay ng mga mamamayan? Mula sa ganitong pananaw, pinagtuunan ng pansin ang pag-iisip ng "4 na factor ng kaligayahan" upang maiangat ang antas ng kaligayahan, at itinatakda ang sumusunod na larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan.

2

Pangmatagalang Bisyon

### [Larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan]

#### Bayan kung saan mararamdaman ang kaligayahan sa tama lang na distansya, at hindi mapanghimasok na pag-aalalayan

(Mula sa "Salamat! Factor ng ugnayan at pasasalamat")

Sa panahon mula ngayon, magiging higit na mahalaga ang pag-aalalayan sa pamayanan. Halimbawa, kahit ang taong may pisikal na kapansanan na karaniwang nasa gawi ng inaalalayan, ay siguradong mayroong magagawa para sa taong may problema. Aalalayan ng lahat ang isa't isa, hanggang sa kanyang makakaya. Hinahangad ang bayan kung saan makakaramdam ng ligaya sa ganitong araw-araw na gawain.

#### Bayan kung saan iginagalang ang pagkakaiba-iba at indibidwalidad, at nakakahanap ng kaligayahan sa loob ng kayang paghakbang sa sariling paraan

(Mula sa "Maging totoo sa sarili! Factor ng kasarinlan at sariling bilis")

Nagtatangka ang bawat taong tuparin ang kanyang pangarap sa kanya-kanyang kalooban, nang walang kinalaman sa edad, kasarian, nasyonalidad, mayroon o walang kapansanan, at iba pa. Kinikilala ito at sinusuportahan ng mga tao sa paligid. Sa mundo kung saan walang taong parehong-pareho sa ibang tao, kinikilala ang pagkakaiba ng bawat isa, at nag-aalalayan. Hinahangad ang bayan kung saan makakahanap ng ligaya ang lahat sa sarili niyang paraan ng paghakbang.

#### Bayang maghahatid ng kaligayahan sa pamamagitan ng positibong pagpapaangat ng isa't isa kahit kailan

(Mula sa "Bahala na! Factor ng pagiging positibo at optimistiko")

Magpapakasaya sa buhay nang may kuryosidad, kahit kailan at anong timing. Pag-aaral, sports, trabaho. Mag-aaral para umunlad sa pamamagitan ng iba't ibang pagkakataon sa buong buhay. Tutuklasin ang libangang naaakma sa sarili, at magpapatuloy sa pagiging aktibo buong buhay kahit gaano pa katanda. Hinahangad ang bayang maghahatid ng kaligayahan kung saan makakaranas ng ganitong buhay na aktibo, at mapapaangat ang isa't isa sa pamamagitan ng pakikipaghalubilo sa ibang tao.

#### Bayang umaapaw sa diwa ng pagharap sa hamon, at nagpapahalaga sa pagpupunyagi at pagiging orihinal at mapanlikha upang iugnay sa kaligayahan

(Mula sa "Subukan natin! Factor ng self-actualization at pag-unlad")

Katulad ng isinasalaysay ng kasaysayan, nagsisimula ang dakilang hakbang sa bagong hamon. Dahil nga panahon itong marahas na nagbabago, hindi dapat tuyain o maliitin ang bagong pagsubok, kundi subukan munang gawin, pagbutihin ang hindi magandang bahagi, at malakas ang loob na harapin ang hamon sa pamamagitan ng pagpupunyagi at pagiging orihinal at mapanlikha tungo sa nilalayon. Hinahangad ang bayan kung saan mapapalaganap ang pagkilos ng ganitong mga taong umaapaw sa diwa ng pagharap sa hamon, lalawak ang posibilidad ng paglikha ng bayan at mga negosyo, at mauugnay rito ang ligaya.

# 3. Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng Lungsod (Sistema ng mga Pamamaraan)

## [ 1 ] Perspektibang bubuo sa sistema ng mga pamamaraan

### ①Perspektiba bilang hakbang upang isakatuparan ang "larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan" na ipinapahayag sa pangmatagalang bisyon (patayong aksis ng sistema ng mga pamamaraan)

○Inilalahad ng sistema ng mga pamamaraan ang kongkretong pamamaraang pagsisikapan sa hinaharap na 5 taon (piskal na taong 2022 (Reiwa 4) - piskal na taong 2026 (Reiwa 8)), tungo sa pagsasakatuparan ng "larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan" na ipinapahayag sa pangmatagalang bisyon.

○Binubuo ang sistema ng mga pamamaraan ng layon ng polisiya at pamamaraan, pagkilala ng mga isyu at direksyon ng pagtugon para sa pagtataguyod ng pamamaraan, kongkretong tagapagpahiwatig na tutukoy sa layon at antas ng pagkaabot nito, bukod na itinakdang plano para sa indibidwal na larangan at iba pa, sa bawat isa sa 9 na pangunahing polisiya para maisakatuparan ang "larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan" na ipinapahayag sa pangmatagalang bisyon.

○Upang itaguyod ang inisyatibang mataas ang bisa batay sa pagkilala ng mga isyu, itatalaga ang posisyon ng perspektiba ng pag-aayos sa sistema ng mga hakbang sa "pangunahing polisiya → hakbang at plano para sa indibidwal na larangan → direksyon ng pagtugon" bilang patayong aksis ng sistema ng mga pamamaraan.

○Sa panukalang ito, itinatalagang ayusin ang mga pamamaraang nauugnay sa pamumuhay ng mga mamamayan. Tungkol naman sa perspektiba ng pagpapabuti ng paghahandog ng serbisyo sa mga mamamayan sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga gawain ng pamahalaan, lilinawin ang direksyon nito sa balangkas ng reporma sa pamahalaan sa susunod na termino na lilikhain kaakibat ng panukalang ito.

### ②Perspektibang pahalang na tatandaan tungo sa pagtatamo ng SDGs (pahalang na aksis ng sistema ng mga pamamaraan)

○Daglat ang SDGs ng "Sustainable Development Goals (mga layon para sa sustenableng pag-unlad)," at pangkaraniwang layon ito ng internasyonal na pamayanan na pinagpatibay nang walang pagtutol sa United Nations Summit noong Setyembre 2015 (Heisei 27). Binubuo ito ng 17 goal (layon) at 169 na target na may takdang panahon hanggang sa "taong 2030 (Reiwa 12)," tungo sa pagsasakatuparan ng sustenable, mayroong pagkakaiba-iba at ingklusyon na lipunan kung saan "walang maiiwan." Maunlad na bansa man o umuunlad na bansa, kinakailangan ang inisyatiba upang lumikha ng sustenableng lipunan mula sa pananaw ng tatlong panig ng ekonomiya, lipunan at kapaligiran ng buong mundo.

○Maaaring iangkop ang pag-iisip ng SDGs hindi lamang sa buong mundo o sa yunit ng bansa, kundi pati sa lokal na pamahalaan, munisipalidad at iba pa, at aktibo rin itong itinataguyod sa Japan. Pag-iisip ng paggalang sa karapatang tao ang mismong inisyatiba ng SDGs. Pati sa panukalang ito, gagamitin ang mga goal at target ng SDGs sa pagpaplano, pagsasagawa, ebalwasyon at iba pang mga pamamaraan, at itatalaga ang posisyon ng "perspektiba ng SDGs" sa pahalang na aksis sa pagsasagawa ng lahat ng mga pamamaraan.

○Para sa pagtatamo ng SDGs, kinakailangang magbahagi ng mga pagpapahalagang nakasentro sa pagiging sustenable at magtulungan ang lahat ng bansa, kumpanya, samahan, indibidwal at iba pa sa daigdig, at pangkaraniwang aytem ang ika-17 goal (patibayin ang mga paraan ng pagpapatupad para sa sustenableng pag-unlad at pasiglahin ang global partnership) para matamo ang lahat ng iba pang goal.

# [ 2 ] Sistema ng mga Pamamaraan (Listahan)

## 1 Bayan kung saan magsisilbi sa paglikha ng bayan, at magtutulungan sa hustong makakaya ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Pagsasaayos ng pundasyon ng paglikha ng bayan ng pagtutulungan at magkasamang paglikha

1 Pagpapasigla ng mga lokal na organisasyon at lokal na aktibidad
2 Pagbuo ng mekanismo tungo sa paglutas ng mga lokal na isyu

### 2. Pagsiguro ng sustenableng paraan ng transportasyon

1 Pagsiguro ng serbisyo para sa paglabas at pagdalaw sa bahay na tumutugon sa pangangailangan sa araw-araw na pamumuhay
2 Pagdidisenyo ng sistema at pagpapatakbo ng sustenableng pampublikong transportasyon

### 3. Pagpapalawak ng mga bagong magsisilbi na lalahok sa pamayanan

1 Pormasyon ng stock ng mabuting kalidad na pabahay at paghikayat sa paglipat ng paninirahan
2 Pagkamit ng mga tagahanga ng Fukuchiyama bilang nauugnay na populasyon

## 2 Bayan kung saan pangangalagaan, bubuhayin at ipapasa ng bawat isa sa mga mamamayan ang kalikasan, kapaligiran at lokal na yaman sa susunod na henerasyon

### 1. Pagpapatibay ng mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna, pagbabawas ng sakuna at pagtugon sa sakuna

1 Pagpapatibay ng lokal na kakayahan para sa pag-iwas sa sakuna at pagtataguyod ng mga hakbang para sa pagbabawas ng sakuna
2 Pagpapahusay ng sistema ng pagpatay ng sunog at pagtugon sa emergency

### 2. Sustenableng paglikha ng bayan na nagsasaalang-alang sa kapaligiran ng daigdig

1 Pagtataguyod ng lokal na produksyon para sa lokal na konsumo ng enerhiya
2 Nararapat na pagtatapon ng basura at pormasyon ng lipunang nagrerecycle

### 3. Pormasyon ng lokal na pook kung saan mabubuhay kasama ng kalikasan

1 Pangangalaga at paggamit ng masaganang likas na kapaligiran
2 Paglikha at pagpapanatili ng tanawing nakaugat sa lokal na kultura

## 3 Bayan kung saan habang iginagalang ang isa't isa, magkasamang mag-aaruga at magkasamang uunlad ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Paglikha ng kultura ng karapatang pantao kung saan iginagalang ng isa't isa ang sariling katangian

1 Paggalang at paghikayat sa pag-unawa sa pagkakaiba-iba na walang pagkiling o diskriminasyon
2 Pagtatatag ng pamumuhay sa pamayanang gumagalang sa karapatang pantao
3 Pagtataguyod ng pagsasama-sama ng iba't ibang kultura at unibersal na lipunan

### 2. Paglikha ng pamayanan kung saan pinahahalagahan ang lahat ng mga bata

1 Pagpapahusay ng suporta sa mga batang may problema
2 Paglikha ng momentum na susuporta sa pagpapalaki ng anak sa buong pamayanan

### 3. Pagpapahusay ng kapaligiran kung saan maaaring manganak at magpalaki ng anak nang matiwasay

1 Pagpapanatili at pagpapabuti ng kalusugan ng mga bata at magulang o tagapag-alaga
2 Pagtataguyod ng child care at edukasyon bago ng pagpasok sa paaralan

## 4 Bayan kung saan maaaring magsimula kahit kailan, kahit ilang taong gulang pa, na magpalalim sa pag-aaral na nababagay sa sarili ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Pagpapahusay ng sari-saring lugar para sa pag-aaral na maglilinang sa pag-unlad ng mga bata

1 Pagtataguyod ng paglikha ng mga lugar para sa edukasyon sa buong pamayanan
2 Paglikha ng sandigan para sa pag-aaral at pag-unlad ng mga bata
3 Pagsasaganap ng edukasyon na maglilinang sa masaganang likas na pagkatao

### 2. Paglikha ng lugar para sa pag-aaral sa buong buhay na naaakma sa bawat tao

1 Pagpapahusay ng pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral habang buhay
2 Paglikha ng lugar para sa pag-aaral gamit ang mga community center at aklatan
3 Suporta sa pag-aaral ng kabataan tulad ng mga estudyante sa senior high school

### 3. Pagmamana at pagpapaunlad ng mga lokal na yamang makakapagpalalim sa pag-aaral

1 Pangangalaga at paggamit ng mga kultural na kayamanan at pagmamana ng lokal na kultura
2 Pagpapahusay ng edukasyon at pananaliksik sa The University of Fukuchiyama

## 5 Bayang masigla at aktibo kung saan may sariling dahilan para mabuhay ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Paglikha ng dahilan para mabuhay upang makaranas ng aktibong buhay

1 Pagtataguyod ng gagawin, papanoorin, susuportahan, sisimulan na panghabambuhay na sports
2 Pagpapalaganap ng mga kultural at masining na aktibidad na mag-aangat sa kalidad ng pamumuhay
3 Katiwasayan at kaligtasan ng pamayanan na magiging pundasyon ng aktibong bayan

### 2. Pagpapabuti ng pisikal na kalusugan sa buong buhay

1 Paglikha at pagbibigay ng motibasyon sa kamalayan tungkol sa kalusugan para sa lahat ng mga henerasyon
2 Paghikayat sa prebensyon ng mga lifestyle-related disease tulad ng altapresyon

### 3. Pagpapabuti ng mental na kalusugan

1 Prebensyon at maagang pagtuklas ng mental na karamdaman sa maraming henerasyon
2 Pagtataguyod ng mga hakbang laban sa hikikomori (uri ng social withdrawal)

## 6 Bayan kung saan masiglang mamumuhay hanggang sa katapusan ng buhay at mabibigyan ng mabuting pamamaalam ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Pagpapahusay ng kalagayan ng lipunan kung saan makakapamuhay nang nababagay sa sarili

1 Pagpapabuti ng pisikal, mental at sosyal na kalusugan ng mga matatanda
2 Pagpapakalat ng "shūkatsu" (mga aktibidad na panghanda sa katapusan ng buhay) kung saan maaaring mabuhay nang nababagay sa sarili hanggang sa dulo ng buhay

### 2. Pagtataguyod ng lokal na komprehensibong care system

1 Pagtataguyod ng suporta sa araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng pag-aalalayan sa pamayanan
2 Pagpapahusay ng lokal na medikal na sistema kung saan magkakaugnay ang advanced na paggamot, critical care, pangkalahatang medical care at iba pa
3 Pagpapatibay ng sistema ng konsultasyon at suportang nauukol sa bawat isa

### 3. Pagsasaayos ng pundasyon ng serbisyo ng nursing care

1 Pagsiguro ng tauhang susuporta sa pagiging sustenable ng serbisyo ng nursing care
2 Pagpapahusay ng suporta sa mga taong may dementia, at sa kanilang pamilya

## 7 Bayan kung saan mapapakinabangan ang sari-saring estilo ng pagtatrabaho kung saan napagtutugma ang pamumuhay at pagtatrabaho ng bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Pagpapahusay ng sistema ng suportang aalalay sa motibasyong magtrabaho

1 Paglikha ng pagkakataon para sa pagtatamo ng skill at pormasyon ng karera
2 Pagpapatibay ng suporta sa mga taong nahihirapang makahanap ng trabaho o mamalagi sa lugar na pinagtatrabahuhan dahil sa kapansanan, edad, kasarian, nasyonalidad at iba pa
3 Pagtataguyod ng edukasyon para sa karera tungo sa kinabukasan ng mga bata at estudyante

### 2. Pagtatatag ng lifestyle na natutugma sa trabaho

1 Pagtataguyod ng pantay-pantay na paglahok ng mga kasarian
2 Pagsasaayos ng kapaligiran kung saan mababalanse ang pagpapalaki ng anak o nursing care at pagtatrabaho
3 Pagsusuri ng estilo ng pagtatrabaho tungo sa pagsasakatuparan ng magkakaibang lifestyle

## 8 Bayan kung saan mangunguna sa pagbabago ng panahon, at makakaambag sa pag-unlad ng lokal na industriya ang bawat isa sa mga mamamayan

### 1. Pagpapalaganap ng mga industriyang aalalay sa lokal na ekonomiya

1 Paghikayat sa paglago ng mga umiiral nang kumpanya at paghikayat sa pag-anyaya at pamamalagi ng mga punong kumpanya
2 Pagpapatibay ng kakayahan sa pangangasiwa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga industriyal, pampamahalaan, akademiko at pinansyal na institusyon
3 Paglinang ng mga bagong industriya at pagpapahusay ng suporta para sa pagsisimula ng negosyo

### 2. Pagpapasigla ng kalakalan at industriya ng serbisyo gamit ang DX

1 Suporta para sa pagpapataas ng kariktan ng mga shopping district at indibidwal na tindahan
2 Pagtataguyod ng kumikinang na estratehiya ng turismo batay sa partikular na katangian ng lungsod

### 3. Pagtatatag ng industriya ng agrikultura at pangungubat na may kakayahang kumita

1 Pagtataguyod ng smart na industriya ng agrikultura at pangungubat at mapagkikitaang industriya ng agrikultura at pangungubat, at eco-friendly na industriya ng agrikultura at pangungubat
2 Pagtataguyod ng mga hakbang laban sa mga nakakapinsalang hayop

## 9 Bayan kung saan nakaayos ang pundasyong susuporta sa sustenableng pamumuhay

### 1. Pag-optimize ng mga pampublikong pasilidad

1 Relokasyon ng mga pampublikong pasilidad tungo sa sustenableng paglikha ng bayan
2 Paggamit at paglalaan ng pampublikong ari-arian para maplano ang pagpapataas ng halaga ng pamayanan

### 2. Pagsasaayos ng pundasyon ng industriya

1 Naaangkop na pagpapanatili at pangangasiwa ng mga kalsada at iba pa, at pagsasaayos ng network ng mga kalsada sa pakikipagtulungan sa bansa at sa prefecture
2 Sistematikong pagsasaayos ng mga pasilidad ng tubig at alkantarilya

### 3. Pagtatatag ng pundasyon para sa pamumuhay

1 Pagsasaayos ng masaganang pook para sa pamumuhay
2 Mga hakbang laban sa pagkalubog sa tubig ng lugar ng mga tirahan, at mga hakbang sa pagkontrol ng pagguho at pagbaha

# 4. Pangunahing Polisiya

Kasabay ng pagbatay sa 4 na prinsipyo ng awtonomiya sa Pangunahing Ordinansa ng Awtonomiya na "paggalang sa karapatang pantao," "pagkakapantay-pantay ng mga kasarian," "pagbabahagi ng impormasyon" at "paglahok at pakikipagtulungan," haharapin ang iba't ibang mga panlipunang panganib, at itatalaga ang posisyon ng pangunahing polisiya bilang punong patakaran upang maisakatuparan ang "larawan ng kinabukasan upang mabuhay nang maligaya ang mga mamamayan." Hinahangad ang "pag-iisip kasama ng mga mamamayan, paglikha kasama ng mga mamamayan, at pagganap kasama ng mga mamamayan," at tungkol din sa pangunahing polisiya, hindi ito ituturing bilang abstraktong titulo kung saan pinagsama-sama lamang ang mga umiiral na pamamaraan ng yunit ng organisasyong pampamahalaan, kundi ilalahad ang direksyong dapat tunguhin ng lungsod na ito sa pag-iisip kung paano babaguhin ang pamumuhay ng mga mamamayan, at kung anong kapaligiran ang lilikhain ng pamahalaan para rito.

## [ 1 ] Bayan kung saan magsisilbi sa paglikha ng bayan, at magtutulungan sa hustong makakaya ang bawat isa sa mga mamamayan

Habang nagbabahagi ng iba't ibang impormasyon sa mga mamamayan, makikipagtulungan sa pamayanan upang isulong ang pagtugon sa sakuna at suporta sa pamumuhay, pagsiguro sa mga paraan para sa araw-araw na pamumuhay at iba pa. Isusulong ang paglikha ng sustenableng bayan batay sa paghahati-hati ng mga tungkulin ng sariling tulong, pagtutulungan at pampublikong tulong kung saan ang mga mamamayan, kumpanya, NPO, iba't ibang samahan, nauugnay na populasyon at iba pang bumubuo ng pamayanan ang magsisilbi sa pamayanan.

### Layon ng Polisiya 1-1
### Pagsasaayos ng pundasyon ng paglikha ng bayan ng pagtutulungan at magkasamang paglikha

Sa sitwasyon kung saan hindi maiiwasan ang pagbaba ng populasyon, kasabay ng pagsisikap sa paglikha ng kapaligiran kung saan madaling makakalahok ang sinuman, tulad ng mga bagong magsisilbi, boluntaryo at iba pa, magsasagawa ng suporta sa mga lokal na aktibidad na tumutugon sa aktwal na sitwasyon ng pamayanan, at magpupunyagi sa pagsasaayos ng pundasyon tungo sa paglutas ng mga lokal na isyu.

**Pamamaraan ① Pagpapasigla ng mga lokal na organisasyon at lokal na aktibidad**
**Pamamaraan ② Pagbuo ng mekanismo tungo sa paglutas ng mga lokal na isyu**

### Layon ng Polisiya 1-2
### Pagsiguro ng sustenableng paraan ng transportasyon

Ayon sa katangian ng pamayanan, magpaplano para sa pagsiguro ng paraan ng transportasyon sa pamamagitan ng lokal na transportasyon ng komunidad, kasama ang pampublikong transportasyong kinakailangan para matugunan ang mga pangangailangan ng pamayanan. Isasaalang-alang din ang mga taong may kapansanan, matatanda at iba pang taong nahihirapan sa transportasyon, at magsasagawa ng kinakailangang suporta sa kanilang araw-araw na pamumuhay.

**Pamamaraan ① Pagsiguro ng serbisyo para sa paglabas at pagdalaw sa bahay na tumutugon sa mga pangangailangan sa araw-araw na pamumuhay**
**Pamamaraan ② Pagdidisenyo ng sistema at pagpapatakbo ng sustenableng pampublikong transportasyon**

### Layon ng Polisiya 1-3
### Pagpapalawak ng mga bagong magsisilbi na lalahok sa pamayanan

Habang dumarami ang mga taong nais lumipat ng tirahan sa lalawigan dahil sa epekto ng COVID-19, isusulong ang pagkamit ng mga taong lilipat ng tirahan mula sa siyudad at mga tagahanga ng Fukuchiyama na susuporta sa mga aktibidad ng paglikha ng bayan, at sa pamamagitan ng positibong paghahatid ng impormasyon tungkol sa kariktan ng Lungsod ng Fukuchiyama, hahangarin ang pagpapalawak ng mga bagong magsisilbi sa paglikha ng bayan.

**Pamamaraan ① Pormasyon ng stock ng mabuting kalidad na pabahay at paghikayat sa paglipat ng paninirahan**
**Pamamaraan ② Pagkamit ng mga tagahanga ng Fukuchiyama bilang nauugnay na populasyon**

## [ 2 ] Bayan kung saan pangangalagaan, bubuhayin at ipapasa ng bawat isa sa mga mamamayan ang kalikasan, kapaligiran at lokal na yaman sa susunod na henerasyon

Ituturing ang problema ng kapaligiran ng daigdig bilang bagay na nauukol sa sarili, at itataguyod ang paglikha ng bayang magsasaganap nito mula sa mga pamilyar na bagay. Dahil problemang palaging karatig ng ating bayan ang sakuna, maglalaan ng mga hakbang kung saan uunahin ang pangangalaga sa buhay at pamumuhay ng mga mamamayan. At habang pinaplano ang paggamit ng mga lokal na yaman, itataguyod ang pagbabalanse ng pangangalaga at paggamit at paglalaan ng mga ito upang maipasa ang masaganang likas na kapaligiran sa mga darating na henerasyon.

### Layon ng Polisiya 2-1
### Pagpapatibay ng mga hakbang sa pag-iwas sa sakuna, pagbabawas ng sakuna at pagtugon sa sakuna

Upang mapangalagaan ang pamumuhay at buhay ng mga mamamayan, kasabay ng pagpaplano ng mabilis na pagkolekta ng impormasyon, pagpapahatid ng nararapat na impormasyon, at pagpapatibay ng sistema ng suporta sa oras ng sakuna, hahangarin ang pagbuo ng sistema kung saan makakalikas nang maayos ang lahat simula sa mga taong nangangailangan ng pagsasaalang-alang sa oras ng sakuna. At upang makatugon sa nagiging masalimuot, sari-sari at malakihang mga sakuna, paplanuhin ang pagpapahusay ng sistema ng pagpatay ng sunog at pagtugon sa emergency.

**Pamamaraan ① Pagpapatibay ng lokal na kakayahan para sa pag-iwas sa sakuna at pagtataguyod ng mga hakbang para sa pagbabawas ng sakuna**
**Pamamaraan ② Pagpapahusay ng sistema ng pagpatay ng sunog at pagtugon sa emergency**

### Layon ng Polisiya 2-2
### Sustenableng paglikha ng bayan na nagsasaalang-alang sa kapaligiran ng daigdig

Kasabay ng paggawa ng paraan upang madama na pamilyar ang problema ng kapaligiran, at mapagsikapan ang inisyatiba tungo sa decarbonization, pagbabawas ng basura at iba pa ng bawat isa sa mga mamamayan, sa pamamagitan ng inisyatiba tungo sa zero carbon at pagpapakalat ng renewable na enerhiya bilang pampublikong pagtugon, magsisikap sa pagbabawas ng pagbubuga ng greenhouse gas, at hahangarin ang pagsasakatuparan ng paglikha ng bayang nagsasaalang-alang sa kapaligirang maipagmamalaki ng susunod na henerasyon.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng lokal na produksyon para sa lokal na konsumo ng enerhiya**
**Pamamaraan ② Nararapat na pagtatapon ng basura at pormasyon ng lipunang nagrerecycle**

### Layon ng Polisiya 2-3
### Pormasyon ng lokal na pook kung saan mabubuhay kasama ng kalikasan

Paplanuhin ang paglikha ng momentum upang makapag-aral tungkol sa kapaligiran ang mga mamamayan, at madama nila bilang bagay na nauukol sa sarili ang problema ng kapaligiran at buhay kasama ng kalikasan. At magkakaisa ang mga mamamayan at pamahalaan, isusulong ang pangangalaga at paggamit ng mga gubat, bundok, ilog at iba pang masaganang likas na kapaligiran, paglikha at pagpapanatili ng tanawin, at ipapasa sa susunod na henerasyon ang kalikasan at mga tanawin ng Lungsod ng Fukuchiyama.

**Pamamaraan ① Pangangalaga at paggamit ng masaganang likas na kapaligiran**
**Pamamaraan ② Paglikha at pagpapanatili ng tanawing nakaugat sa lokal na kultura**

# [ 3 ] Bayan kung saan habang iginagalang ang isa't isa, magkasamang mag-aaruga at magkasamang uunlad ang bawat isa sa mga mamamayan

Magtatatag ng pamumuhay sa pamayanan kung saan batayan ang pangangalaga sa karangalan ng indibidwal sa kahit anong pangyayari, at paggalang ng lahat mula sa mga bata hanggang sa mga adult sa paraan ng pamumuhay ng isa't isa. Sa ganitong kapaligiran kung saan mapakikinabangan ang sariling katangian at kikilalanin ang pagkakaiba-iba, isusulong ang paglikha ng bayan kung saan pagmamasdan at magkasamang aalalayan ang paglaki ng mga bata, at maaaring manganak at magpalaki ng anak nang matiwasay.

### Layon ng Polisiya 3-1
**Paglikha ng kultura ng karapatang pantao kung saan iginagalang ng isa't isa ang sariling katangian**

Tungo sa pagtatatag ng kultura ng karapatang pantaong magiging pundasyon ng paglikha ng bayan, isusulong ang inisyatiba tulad ng pagpapairal ng tatlong batas ukol sa karapatang pantao at iba pa, hahangarin ang paglikha ng bayan kung saan ituturing na pamilyar na problema ang karapatang pantao ng lahat, at igagalang at kikilalanin ang karapatang pantao ng bawat isa. At sa batayang kondisyon na may iba't ibang mga tao, paplanuhin ang pagtataguyod ng pagsasama ng iba't ibang kultura at unibersal na lipunan.

**Pamamaraan ① Paggalang at paghikayat sa pag-unawa sa pagkakaiba-iba na walang pagkiling o diskriminasyon**
**Pamamaraan ② Pagtatatag ng pamumuhay sa pamayanang gumagalang sa karapatang pantao**
**Pamamaraan ③ Pagtataguyod ng pagsasama-sama ng iba't ibang kultura at unibersal na lipunan**

### Layon ng Polisiya 3-2
**Paglikha ng pamayanan kung saan pinahahalagahan ang lahat ng mga bata**

Upang hindi mahulog ang mga bata sa makasasamang sitwasyon dahil sa kapansanan, pinansyal na kalagayan ng tahanan at iba pa, kinakailangang alalayan ang kanilang pag-unlad sa pamamagitan ng pagsasagawa ng suportang naaakma sa sitwasyon ng bawat bata. Para rito, paplanuhin ang pagpapahusay ng suporta sa mga batang may problema, at  ang paglikha ng momentum na magbabantay sa mga bata at susuportahan ang pagpapalaki ng anak sa buong pamayanan.

**Pamamaraan ① Pagpapahusay ng suporta sa mga batang may problema**
**Pamamaraan ② Paglikha ng momentum na susuporta sa pagpapalaki ng anak sa buong pamayanan**

### Layon ng Polisiya 3-3
**Pagpapahusay ng kapaligiran kung saan maaaring manganak at magpalaki ng anak nang matiwasay**

Kasabay ng pagpupunyagi sa naaangkop sa suporta para sa mental at pisikal na karamdaman ng inang nagbubuntis o kakapanganak pa lamang, at ng kanilang pamilya bago at pagkatapos ng panganganak, pagsiguro ng mapagkokonsultahan ng mga magulang o tagapag-alagang nakakaramdam ng hirap sa pagpapalaki ng sanggol, at iba pa, paplanuhin ang pagpapahusay ng kapaligiran kung saan maaaring manganak at magpalaki ng anak nang matiwasay, sa pamamagitan ng pagsasaayos ng mga tatanggap na nursery school at kindergarten.

**Pamamaraan ① Pagpapanatili at pagpapabuti ng kalusugan ng mga bata at magulang o tagapag-alaga**
**Pamamaraan ② Pagtataguyod ng child care at edukasyon bago ng pagpasok sa paaralan**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

4 QUALITY EDUCATION

5 GENDER EQUALITY

10 REDUCED INEQUALITIES

## [ 4 ] Bayan kung saan maaaring magsimula kahit kailan, kahit ilang taong gulang, na magpalalim sa pag-aaral na nababagay sa sarili ang bawat isa sa mga mamamayan

Itataguyod ang paglikha ng bayan kung saan makapamumuhay ang sinuman, kahit ilang taon pa sila, habang tunay na nararamdaman ang sariling pag-unlad. Pahuhusayin ang pagkakataon para sa pag-aaral at karanasan upang maramdaman ng mga bata ang kasiyahan sa pag-unlad, at magkaroon sila ng motibasyong sumubok ng iba't ibang bagay. At habang pinakikinabangan ang pagkakaroon ng mga kultural na kayamanang may anyo at walang anyo na natatangi sa pamayanan, at ng The University of Fukuchiyama, isusulong ang paglikha ng lugar kung saan makakapag-aral habang buhay upang gawing masagana ang buhay.

### Layon ng Polisiya 4-1
### Pagpapahusay ng iba't ibang lugar para sa pag-aaral na maglilinang sa pag-unlad ng mga bata

Habang nagbabago ang kalagayan ng lipunan, nagbabago rin ang pag-aaral ng mga bata. Halimbawa, sa pamamagitan ng pag-aaral online, maaaring mag-aral ayon sa kaangkupan, kakayahan at pag-unlad ng bawat isa. At dahil marami ring matututunan mula sa tahanan at pamayanan, kasabay ng paglikha ng sandigan para sa pag-aaral tulad ng pagsisikap na lutasin ang problema sa sariling kusa, kung saan tunay na mararamdaman ng mga bata ang kasiyahan sa pag-aaral na magiging panimula ng pag-aaral na magpapatuloy habang buhay, isusulong ang inisyatiba upang linangin ang kagandahang-loob at damdamin ng pag-unawa sa pagkakaiba-iba.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng paglikha ng mga lugar para sa edukasyon sa buong pamayanan**
**Pamamaraan ② Paglikha ng sandigan para sa pag-aaral at pag-unlad ng mga bata**
**Pamamaraan ③ Pagsasaganap ng edukasyon na naglilinang sa masaganang likas na pagkatao**

### Layon ng Polisiya 4-2
### Paglikha ng lugar para sa pag-aaral sa buong buhay na naaakma sa bawat tao

Mahalaga ang makapag-aral ang sinumang may motibasyong mag-aral ayon sa kanyang interes, nang walang kinalaman sa edad, at magamit niya ang kanyang napag-aralan. Para rito, isasagawa ang pagsasaayos ng kapaligiran tulad ng pagbubukas ng kaakit-akit na kurso ng panghabambuhay na pag-aaral na naaayon sa pangangailangan ng mga mamamayan, batay sa pagpoproseso sa kompyuter ng impormasyon ng The University of Fukuchiyama, community center, aklatan at iba pa. Magsasagawa rin ng suporta para sa paglinang ng tauhan at iba pa mula sa paglikha ng lugar para sa pag-aaral sa pamamagitan ng ugnayan sa pamayanan ng kabataan tulad ng mga estudyante ng senior high school at iba pa.

**Pamamaraan ① Pagpapahusay ng pagkakataon para makapagpatuloy ng pag-aaral habang buhay**
**Pamamaraan ② Paglikha ng lugar para sa pag-aaral gamit ang mga community center at aklatan**
**Pamamaraan ③ Suporta sa pag-aaral ng kabataan tulad ng mga estudyante sa senior high school**

### Layon ng Polisiya 4-3
### Pagmamana at pagpapaunlad ng mga lokal na yamang makakapagpalalim sa pag-aaral

Susuportahan ang pagpapatuloy ng pag-aaral habang buhay, pagpapabuti ng sarili, at pagpapagaling ng skill. Magbibigay ng pagkakataon para maranasan ng mga mamamayan ang lokal na kultura, upang maipagpatuloy at mapalalim ang pag-aaral na nababagay sa kanila. At mula rin sa pananaw ng pagbibigay ng pagkakataon para sa mas malalim na pag-aaral sa mga mamamayan, magsasagawa ng suporta sa pagsasaayos ng advanced na kapaligiran ng edukasyon tulad ng pagtatayo ng graduate school ng The University of Fukuchiyama at iba pa.

**Pamamaraan ① Pangangalaga at paggamit ng mga kultural na kayamanan at pagmamana ng lokal na kultura**
**Pamamaraan ② Pagpapahusay ng edukasyon at pananaliksik sa The University of Fukuchiyama**

# [ 5 ] Bayang masigla at aktibo kung saan may sariling dahilan para mabuhay ang bawat isa sa mga mamamayan

Itataguyod ang paglikha ng aktibong kapaligiran sa pribadong pook, upang makaranas ng malusog na pamumuhay, sa pisikal at mental na aspeto. Simula sa pagpapabuti ng kalusugan sa buong buhay, isusulong ang paglikha ng buhay na nakatuon sa kalidad ng pamumuhay na mayroong dahilan para mabuhay na nababagay sa sarili, na kinabibilangan ng sports at mga kultural at masining na aktibidad.

### Layon ng Polisiya 5-1
### Paglikha ng dahilan para mabuhay upang makaranas ng aktibong buhay

Isusulong ang pagsasaayos ng pundasyon para sa mga aktibidad ng sports, kultural at masining na aktibidad, upang makaranas ang sinuman ng malusog at kusang paraan ng pamumuhay sa buong buhay nila. Gayundin, isasagawa ang mga hakbang sa kaligtasan ng transportasyon, aktibidad upang maiwasan ang krimen at iba pang mga inisyatiba nang nakikipagtulungan sa pamayanan, tungo sa pagsiguro ng katiwasayan at kaligtasan ng pamayanan na magiging pundasyon ng aktibong paraan ng pamumuhay.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng gagawin, papanoorin, susuportahan, sisimulan na panghabambuhay na sports**
**Pamamaraan ② Pagpapalaganap ng mga kultural at masining na aktibidad na mag-aangat sa kalidad ng pamumuhay**
**Pamamaraan ③ Katiwasayan at kaligtasan ng pamayanan na magiging pundasyon ng aktibong bayan**



### Layon ng Polisiya 5-2
### Pagpapabuti ng pisikal na kalusugan sa buong buhay

Magsasagawa ng paglikha at pagbibigay ng motibasyon sa kamalayan tungkol sa kalusugan para sa lahat ng mga henerasyon, upang isulong ang pagpapabuti ng pisikal na kalusugan sa buong buhay. Magpupunyagi rin sa prebensyon ng mga lifestyle-related disease simula sa altapresyon na marami sa lungsod na ito, at isasagawa ang pagsasaayos ng kapaligiran kung saan maaaring magkaroon ng malusog at mahabang buhay.

**Pamamaraan ① Paglikha at pagbibigay ng motibasyon sa kamalayan tungkol sa kalusugan para sa lahat ng mga henerasyon**
**Pamamaraan ② Paghikayat sa prebensyon ng mga lifestyle-related disease tulad ng altapresyon**

### Layon ng Polisiya 5-3
### Pagpapabuti ng mental na kalusugan

Kasabay ng pisikal na kalusugan, mahalaga rin ang pagpapabuti ng mental na kalusugan. Sa gitna ng paglaganap ng iba't ibang stress, magpupunyagi sa prebensyon at maagang pagtuklas ng mental na karamdaman ayon sa sitwasyon ng bawat tao sa lahat ng henerasyon tulad ng nagtatrabahong henerasyon, mga bata, kabataan, matatanda at iba pa, at isusulong ang mga hakbang sa prebensyon ng hikikomori (uri ng social withdrawal) at pagpapakamatay dahil sa mental na karamdaman.

**Pamamaraan ① Prebensyon at maagang pagtuklas ng mental na karamdaman sa maraming henerasyon**
**Pamamaraan ② Pagtataguyod ng mga hakbang laban sa hikikomori (uri ng social withdrawal)**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
3 GOOD HEALTH AND WELL-BEING
4 QUALITY EDUCATION

## [ 6 ] Bayan kung saan masiglang mamumuhay hanggang sa katapusan ng buhay at mabibigyan ng mabuting pamamaalam ang bawat isa sa mga mamamayan

Ipamamalagi bilang imprastraktura para sa pamumuhay at pahuhusayin ang lokal na komprehensibong care system na magbibigay ng total na suporta sa paggamot, nursing care, prebensyon, tirahan at pamumuhay na natutugma sa aktwal na sitwasyon ng pamayanan, upang makapagpatuloy ng pamumuhay na nababagay sa sarili hanggang sa dulo ng buhay sa pamayanang nakasanayang tirahan, kahit sa katandaan. Itataguyod ang pagsasaayos ng sistema ng nursing care at paggamot para rito.

### Layon ng Polisiya 6-1
### Pagpapahusay ng kalagayan ng lipunan kung saan makakapamuhay nang nababagay sa sarili

Mahalaga ang pagkakaroon ng katungkulan at lugar kung saan maaaring manatili kahit ilang taong gulang pa, at pagpapanatili ng koneksyon sa lipunan sa pamamagitan ng trabaho, lokal na aktibidad at iba pa, upang mamuhay nang malusog at may dahilan para mabuhay hanggang sa katapusan ng buhay. At dahil mahalaga sa huling yugto ng buhay ang makapamuhay nang nababagay sa sarili, isusulong ang pagsasaayos ng kapaligiran para rito.

**Pamamaraan ① Pagpapabuti ng pisikal, mental at sosyal na kalusugan ng mga matatanda**
**Pamamaraan ② Pagpapakalat ng "shūkatsu" (mga aktibidad na panghanda sa katapusan ng buhay) kung saan maaaring mabuhay nang nababagay sa sarili hanggang sa dulo ng buhay**

### Layon ng Polisiya 6-2
### Pagtataguyod ng lokal na komprehensibong care system

Kahit halimbawa kailanganin ang nursing care o pagpapagamot, mahalaga ang makapagpatuloy na mamuhay hanggang sa katapusan ng buhay sa pamayanang nakasanayang tirahan. Para rito, kasabay ng pagpapahusay ng sistema ng konsultasyon at suporta sa pamilyar na pamumuhay, paplanuhin ang pagpapahusay ng pundasyon ng propesyonal na serbisyo ng paggamot at nursing care.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng suporta sa araw-araw na pamumuhay sa pamamagitan ng pag-aalalayan sa pamayanan**
**Pamamaraan ② Pagpapahusay ng lokal na medikal na sistema kung saan magkakaugnay ang advanced na paggamot, critical care, pangkalahatang medical care at iba pa**
**Pamamaraan ③ Pagpapatibay ng sistema ng konsultasyon at suportang nauukol sa bawat isa**

### Layon ng Polisiya 6-3
### Pagsasaayos ng pundasyon ng serbisyo ng nursing care

Sa hinaharap, higit pang susulong ang pagtanda ng populasyon, at sa gitna ng tinatayang paglaki ng demand para sa nursing care simula sa mga matatandang may dementia, kinakailangan ang pagbibigay ng serbisyo ng nursing care at suporta sa pamumuhay na natutugma sa bawat isa sa mga matatandang nangangailangan ng suporta. Magiging isyu rito ang kakulangan ng magiging tagaalalay na dalubhasang tauhan ng nursing care. Bilang hakbang para rito, kasabay ng pagkontrol ng mga taong maaalalayan sa pamamagitan ng pagpapahaba ng inaasahang tagal ng malusog na buhay, isusulong ang pagsiguro at paglinang ng tauhan ng nursing care, at ang suporta at iba pa nang nakikipagkaisa sa pamayanan.

**Pamamaraan ① Pagsiguro ng tauhang susuporta sa pagiging sustenable ng serbisyo ng nursing care**
**Pamamaraan ② Pagpapahusay ng suporta sa mga taong may dementia, at sa kanilang pamilya**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

## [ 7 ] Bayan kung saan mapapakinabangan ang iba't ibang estilo ng pagtatrabaho kung saan napagtutugma ang pamumuhay at pagtatrabaho

Upang magkaroon ng lugar kung saan magtatrabaho ang taong may motibasyong magtrabaho, nang walang kinalaman sa edad, kasarian, kung may kapansanan o wala, at iba pa, at upang makapagtrabaho sa sari-saring estilo ng pagtatrabaho ayon sa lifestyle at mabalanse ang pagpapalaki ng anak o nursing care at trabaho, komprehensibong isusulong ang pagdidisenyo ng sistema at pananawagan sa mga pribadong negosyante. Kasabay nito, batay sa mga pangangailangan ng mga kumpanya at negosyante, isusulong ang pagsasaayos ng kapaligiran ng pagpapahusay ng pagkakataon para mapagaling ang skill, ng pagpapatibay ng kakayahang maghatid ng impormasyon sa labas ng lungsod at iba pa.

### Layon ng Polisiya 7-1
### Pagpapahusay ng sistema ng suportang aalalay sa motibasyong magtrabaho

Isusulong ang pagbibigay ng pagkakataon at suporta upang makapili mula sa sari-saring estilo ng pagtatrabaho, at maisakatuparan ang pormasyon ng karera sa sariling paraan. At para rin sa mga taong may kahirapan sa paghahanap ng trabaho dahil sa iba't ibang sitwasyon, hahangarin ang bayan kung saan makakapagtrabaho ang sinumang nagnanais, sa pamamagitan ng pagsisikap sa naaangkop na pagtutugma ng negosyante at taong naghahanap ng trabaho batay sa kanya-kanyang indibidwalidad at naiibang katangian.

**Pamamaraan ① Paglikha ng pagkakataon para sa pagtatamo ng skill at pormasyon ng karera**
**Pamamaraan ② Pagpapatibay ng suporta sa mga taong nahihirapang makahanap ng trabaho o mamalagi sa lugar na pinagtatrabahuhan dahil sa kapansanan, edad, kasarian, nasyonalidad at iba pa**
**Pamamaraan ③ Pagtataguyod ng edukasyon para sa karera tungo sa kinabukasan ng mga bata at estudyante**

### Layon ng Polisiya 7-2
### Pagtatatag ng lifestyle na natutugma sa trabaho

Habang lumalawak ang bagong estilo ng pagtatrabaho tulad ng telework at iba pa, nagiging mahalaga ang pagpapahusay ng sistema ng suporta ng konsultasyon sa lugar ng trabaho at iba pa, at pag-unawa ng mga tao sa paligid, upang hindi mahulog sa mental na karamdaman dahil sa pagbabago sa kapaligiran sa pagtatrabaho at iba't ibang stress. Itataguyod ang pantay-pantay na paglahok ng mga kasarian, at sa gitna ng pagsulong ng pagpapahinga sa trabaho para sa pagpapalaki ng anak, pagkuha ng bakasyon para sa nursing care at iba pa, isusulong ang pagsasaayos ng kapaligiran kung saan makakapagpatuloy magtrabaho ang taong may motibasyon habang pinapanatili ang balanse ng trabaho at buhay.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng pantay-pantay na paglahok ng mga kasarian**
**Pamamaraan ② Pagsasaayos ng kapaligiran kung saan mababalanse ang pagpapalaki ng anak o nursing care at pagtatrabaho**
**Pamamaraan ③ Pagsusuri ng estilo ng pagtatrabaho tungo sa pagsasakatuparan ng magkakaibang lifestyle**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

## [ 8 ] Bayan kung saan mangunguna sa pagbabago ng panahon, at makakaambag sa pag-unlad ng lokal na industriya ang bawat isa sa mga mamamayan

Tungo sa pamamalagi at higit pang pag-unlad ng mga kumpanya sa Osadano Industrial Park na naging pundasyong bato ng lokal na ekonomiya hindi lamang ng lungsod na ito kundi pati ng rehiyon ng Hilagang Kinki, itataguyod ang lahat ng inisyatiba kasama ang sa Annex Kyoto Miwa ng Osadano Industrial Park. Kasabay nito, isusulong ang pagpapalaganap ng mga progresibong industriya na aktibong naglalangkap ng bagong impormasyon at teknolohiya, habang kinikilala ang mga lakas at partikular na katangian ng mga lokal na industriya ng lungsod na ito, at malapit na makikipagtulungan sa mga institusyon ng industriya, akademya, paggawa at pinansya, at iba pa.

### Layon ng Polisiya 8-1
### Pagpapalaganap ng mga industriyang aalalay sa lokal na ekonomiya

Isusulong ang pagsasaayos ng kapaligiran ng pamumuhunan tungo sa pagsiguro ng mabuting kapaligiran ng operasyon ng mga kumpanyang nakatayo sa Osadano Industrial Park, at kasabay ng pagpaplano ng paglikha ng empleo sa pamamagitan ng pag-anyaya ng mga kumpanya sa Annex Kyoto Miwa ng Osadano Industrial Park at pagpapasigla ng ekonomiya sa loob ng lugar na ito, magsisikap sa paglinang ng mga bagong industriya at suporta para sa pagsisimula ng negosyo.

**Pamamaraan ① Paghikayat sa paglago ng mga umiiral nang kumpanya at paghikayat sa pag-anyaya at pamamalagi ng mga punong kumpanya**

**Pamamaraan ② Pagpapatibay ng kakayahan sa pangangasiwa sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng mga industriyal, pampamahalaan, akademiko at pinansyal na institusyon**

**Pamamaraan ③ Paglinang ng mga bagong industriya at pagpapahusay ng suporta para sa pagsisimula ng negosyo**

### Layon ng Polisiya 8-2
### Pagpapasigla ng kalakalan at industriya ng serbisyo gamit ang DX

Sa gitna ng pagkakaroon ng mga isyu tulad ng pagbaba ng populasyon sa komersyal na area dahil sa pagbaba ng populasyon sa loob ng lungsod at sa mga munisipalidad sa paligid nito, pagdami ng mga bakanteng tindahan at iba pa, kasabay ng pagsulong ng inisyatiba nang pinag-iisipan ang paggamit ng DX sa pangangasiwa ng area na pinangungunahan ng pribadong sektor para sa suporta sa bagong bukas na kumpanyang gumagamit ng bakanteng property, at iba pa, magsisikap sa pagpapalaganap ng turismo batay sa partikular na katangian ng lungsod tulad ng paglikha ng bagong content para maakit ang mga bisita gamit ang lokal na yaman.

**Pamamaraan ① Suporta para sa pagpapataas ng kariktan ng mga shopping district at indibidwal na tindahan**

**Pamamaraan ② Pagtataguyod ng kumikinang na estratehiya ng turismo batay sa partikular na katangian ng lungsod**

### Layon ng Polisiya 8-3
### Pagtatatag ng industriya ng agrikultura at pangungubat na may kakayahang kumita

Sa gitna ng pangangailangan ng pagbabawas ng labor, pagsiguro ng magsisilbi at iba pa sa industriya ng agrikultura at pangungubat, kasabay ng pagsisikap para sa smart na industriya ng agrikultura at pangungubat, isusulong ang inisyatiba tungo sa pagtatatag ng mapagkikitaang industriya ng agrikultura at pangungubat sa pamamagitan ng pagtuklas ng produktong may tiyak na katangian na natatangi sa Lungsod ng Fukuchiyama at paghahatid ng kariktan nito. Gagamitin din ang sistema ng pangangasiwa ng negosyo sa pangungubat, at paplanuhin ang paghikayat sa pagsasaayos ng mga gubat.

**Pamamaraan ① Pagtataguyod ng smart na industriya ng agrikultura at pangungubat at mapagkikitaang industriya ng agrikultura at pangungubat, at eco-friendly na industriya ng agrikultura at pangungubat**

**Pamamaraan ② Pagtataguyod ng mga hakbang laban sa mga nakakapinsalang hayop**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS

2 ZERO HUNGER

8 DECENT WORK AND ECONOMIC GROWTH

12 RESPONSIBLE CONSUMPTION AND PRODUCTION

# [ 9 ] Bayan kung saan nakaayos ang pundasyong susuporta sa sustenableng pamumuhay

Magsisikap para sa pagpapahaba ng buhay at integrasyon ng function ng mga pampublikong pasilidad, at kasabay ng pag-aayos ng pundasyon para sa industriya at pamumuhay, isusulong ang mga hakbang laban sa pagkalubog sa tubig ng lugar ng mga tirahan, at mga hakbang sa pagkontrol ng pagguho at pagbaha bilang hakbang sa pag-iwas sa sakuna at sa pagbabawas ng sakuna.

## Layon ng Polisiya 9-1
## Pag-optimize ng mga pampublikong pasilidad

Kasabay ng naaangkop na pagpapanatili, pangangasiwa at pagpapanibago ng mga pampublikong pasilidad, paplanuhin ang paghikayat sa paggamit at paglalaan ng pampublikong pasilidad ng mga pribadong negosyante at iba pa, isusulong ang pangangasiwa ng pampublikong pasilidad tungo sa paglikha ng bayang sustenable at mayroong kakayahang umunlad.

**Pamamaraan ① Relokasyon ng mga pampublikong pasilidad tungo sa sustenableng paglikha ng bayan**
**Pamamaraan ② Paggamit at paglalaan ng pampublikong ari-arian para maplano ang pagpapataas ng halaga ng pamayanan**

## Layon ng Polisiya 9-2
## Pagsasaayos ng pundasyon ng industriya

Isusulong ang pagpapanatili at pangangasiwa ng mga kalsada at tulay, pagpapapabago at paghikayat sa pagsasaayos ng pambansang kalsada o pangunahing lokal na kalsada, at pagtugon sa pagkaluma ng pasilidad ng tubig at alkantarilya, at paplanuhin ang paghikayat sa pagsasaayos ng pundasyon ng industriya.

**Pamamaraan ① Naaangkop na pagpapanatili at pangangasiwa ng mga kalsada at iba pa, at pagsasaayos ng network ng mga kalsada sa pakikipagtulungan sa bansa at sa prefecture**
**Pamamaraan ② Sistematikong pagsasaayos ng mga pasilidad ng tubig at alkantarilya**

## Layon ng Polisiya 9-3
## Pagtatatag ng pundasyon para sa pamumuhay

Tungkol sa pundasyon ng pamumuhay tulad ng mga parke, pampublikong pabahay at iba pa, sa pamamagitan ng pagsasagawa ng naaangkop na pagpapanatili at pagkukumpuni, patuloy na magbibigay ng serbisyong kinakailangan sa pamumuhay ng mga mamamayan. At sa pamamagitan ng pagtataguyod ng pagsasaayos ng matibay na pundasyon bilang paghahanda sa mga sakuna tulad ng pagbaha at iba pa, hahangarin ang paglikha ng bayan kung saan matiwasay na makakapamuhay ang sinuman.

**Pamamaraan ① Pagsasaayos ng masaganang pook para sa pamumuhay**
**Pamamaraan ② Mga hakbang laban sa pagkalubog sa tubig ng lugar ng mga tirahan, at mga hakbang sa pagkontrol ng pagguho at pagbaha**

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
6 CLEAN WATER AND SANITATION
9 INDUSTRY, INNOVATION AND INFRASTRUCTURE
11 SUSTAINABLE CITIES AND COMMUNITIES

# 5. Paglikha ng Bayan na Pagsisikapan ng mga Mamamayan

## ~ 21 Mungkahi tungo sa Kinabukasan ng Lungsod ng Fukuchiyama mula sa Impormal na Pagpupulong ng mga Mamamayan ~

**Masaya at masugid na nagtalakayan ang mga 100 mamamayang random na napili, at pinagsama-sama ang mga mungkahi sa mamamayan mula sa mamamayan tungkol sa mga isyu, at sa kinabukasan ng Lungsod ng Fukuchiyama.**

| | |
|---|---|
| 1 | Simula sa aktuwal na karanasan sa pamumuhay, lumikha tayo ng lugar para sa pag-uusap na magsisilbing pagkakataon para pag-isipan ang pamayanan bilang "bagay na nauukol sa sarili." |
| 2 | Lumikha tayo ng lugar para sa pag-aaral na hindi lamang sa paaralan, para malinang ang "kakayahan para mabuhay" at "dunong na tumugon sa kahirapan." |
| 3 | Lumikha tayo ng kapaligiran kung saan maaaring "mag-usap tungkol sa pagpapalaki ng anak" nang magaan ang loob, at maaaring magpalaki ng anak nang napapakinabangan ang indibidwalidad ng bawat isa, na hindi nagagapos sa pag-aakala o "teorya ng kung ano dapat." |
| 4 | Lumikha tayo ng kapaligiran kung saan walang sinuman ang mapapahiwalay sa ibang tao, may interes sa isa't isa ang mga mamamayan, at handang tumulong sa mga taong may kapansanan, batang may problema at nagagawi sa pagkahiwalay sa ibang tao, at sa kanilang pamilya. |
| 5 | Lumikha tayo ng kapaligiran kung saan matututo sa isa't isa at magtuturuan ang mga adult na gustong magpatuloy mag-aral, at lumikha ng komunidad kung saan sariling malulutas ang mga problema ng pamayanan. |
| 6 | Itaguyod natin ang "Edukasyon sa ICT" na ginagamitan ng video at teknolohiyang digital, at kasabay ng pagsasakatuparan ng masinop na pag-aaral na naaakma sa sitwasyon ng bawat isa, lumikha ng ganap na pag-aaral kung saan matututo sa pangkat ng kakayahan para mabuhay. |
| 7 | Sa pamamagitan ng paglikha ng maraming alaalang mararanasan lamang sa kalikasan o sa loob ng komunidad sa Lungsod ng Fukuchiyama, kasabay ng paglinang ng "yaman ng kalooban," linangin natin ang "damdamin na gustong maghatid ng impormasyon" tungo sa mundo. |
| 8 | Lumikha tayo ng bayan kung saan maginhawang makakatira ang taong nagtatrabaho sa pamamagitan ng suporta ng buong pamayanan sa pagpapalaki ng anak. |
| 9 | Lumikha tayo ng mekanismong mag-uugnay sa "trabaho" at "tao" na tutugon sa sari-saring estilo ng pagtatrabaho at layunin ng pagtatrabaho. |
| 10 | Isakatuparan natin ang pagsiguro ng lugar para makapagtrabaho upang matupad ang pagnanais na tumira sa Lungsod ng Fukushima, habang nakikipagtulungan sa mga pamantasan at kumpanya. |
| 11 | Suportahan natin at linangin kasama ng buong bayan ang paghamon at pagiging orihinal at mapanlikha ng mga negosyanteng may motibasyon at may-ari ng negosyong umaalalay sa pamayanan. |
| 12 | Pakinabangan natin ang kariktan at lakas ng Lungsod ng Fukuchiyama, at pasiglahin ang mapagkikitaang industri-ya ng turismo, agrikultura, pangungubat at livestock. |
| 13 | Ipanawagan natin sa buong Japan at sa mundo ang kasaysayan, kalikasan at iba pang kariktan ng Lungsod ng Fukuchiyama. |
| 14 | Bilang pagtugon sa panahon kung kailan naging kaunti na ang mga magsisilbi, suriin natin ang mga aktibidad ng samahan ng mga residente, at magsagawa ng nakabukas na pagpapatakbo nito. |
| 15 | Baguhin natin ang mga lokal na aktibidad mula sa "kailangang gawin" sa lokal na aktibidad na "gagawin ng mga taong gustong gumawa ng bagay na gusto nilang gawin." |
| 16 | Lumikha tayo ng paraan at mekanismo kung saan makakapamuhay nang walang sagabal sa pamimili o pagpunta sa ospital kahit walang kotse. |
| 17 | Lumikha tayo ng base sa malapit na lugar, at palitan ang iba't ibang serbisyo mula sa "pupunta roon" sa "pupunta sa amin." |
| 18 | Maghangad tayo ng "malusog at mahabang buhay" kung saan malusog at masiglang mabubuhay nang matagal, na hindi nangangailangan ng paggamot o nursing care hangga't maaari. |
| 19 | Lumikha tayo ng kapaligiran kung saan maaaring itanghal ng bawat isa ang kanilang galing sa iba't ibang lugar habang nagsasaya. |
| 20 | Lumikha tayo ng sistema ng masinop na konsultasyon at suportang nauukol sa bawat isa, na nakasentro sa Community General Support Center. |
| 21 | Lumikha tayo ng mekanismo para sa pagkakaiba-iba ng mga magsisilbi at pag-aalalayan sa pamayanan, batay sa iba't ibang sitwasyon ng nursing care o pagbabago sa kapaligiran ng pamumuhay sa lipunan, tulad ng matandang nakatira nang mag-isa, nursing care na isinasagawa ng matanda sa matanda, pag-alis sa trabaho ng nursing care, at iba pa. |

# 6. Sistema kung saan Gaganapin at Susuriin ang Panukala sa Paglikha ng Bayan kasama ng mga Mamamayan

Tungkol sa panukalang ito, nagtayo ng impormal na pagpupulong ng mga mamamayan na binubuo ng maraming mamamayan, at isinagawa ang paglikha ng panukala simula sa pag-iisip kasama ng mga mamamayan tungkol sa panlipunang panganib sa iba't ibang larangang nauukol sa pamumuhay ng mga mamamayan, sa pamamagitan ng "larawan ng 4 na tauhan."

Sa hinaharap, habang isinasaisip ang taong 2040 (Reiwa 22), kasabay ng pagtutulungan at pagpupunyagi ng mga mamamayan at ng pamahalaan para sa pagsasagawa ng panukalang ito kung saan iniayos ang direksyon ng paglikha ng bayan na pagsisikapan ng lungsod at paglikha ng bayan na pagsisikapan ng mga mamamayan, naniniwala kaming kailangang patuloy na isagawa ang pagtiyak ng sitwasyon ng pagsasagawa nito.

Para sa pagtataguyod ng paglikha ng bayang pagsisikapan ng mga mamamayan, kailangang isaayos ang sistema ng pagsasagawa ng mga mamamayan, tulad ng nasa mungkahi (1) mula sa impormal na pagpupulong ng mga mamamayan.

Gayundin, tungkol sa pamamaraang pagsisikapan ng lungsod, kasabay ng pagsasagawa ng inspeksyon sa bawat departamento sa loob ng pamahalaan, ipapasagawa rin ang inspeksyon sa mga mamamayan, at magpupunyagi tungo sa pagtamo ng ligaya ng mga mamamayan.

Panukala sa Paglikha ng Bayan: Fukuchiyama

(Buod na bersyon)

Inilathala: Marso 2022 / Namatnugot: Dibisyon ng Management Strategy,

Tanggapan ng Mayor ng Lungsod ng Fukuchiyama

13-1 Fukuchiyama City, Kyoto Prefecture 620-8501

TEL : 0773-22-6111 (Trunkline) / FAX : 0773-23-6537

Website : https://www.city.fukuchiyama.lg.jp/